# Pinahaba ang bakasyon sa taglamig para sa mga mag-aaral ng K-12

Disyembre 30, 2021

Upang suportahan ang matagumpay na pagbabalik sa paaralan at magbigay ng karagdagang oras sa pagpaplano, ang bakasyon sa taglamig ng kindergarten hanggang Baitang12 ay pinahaba sa buong lalawigan hanggang Enero 10.

Ang pinahahabang bakasyon ay magbibigay ng oras sa mga awtoridad ng paaralan upang magtipon ng karagdagang data upang masuri ang mga implikasyon sa mga tauhan at ang mga potensyal na epekto sa pagpapatakbo ng kasalukuyang sitwasyon ng COVID-19.

Upang tumulong sa ligtas na pagbabalik sa mga klase, ang Gawaing Pangkat ng PPE ng Kalusugan ng Alberta at mga Usapin ng Munisipyo [Alberta Health and Municipal Affairs' PPE Task Force] ay maghahatid din ng 8.6 milyong mga mabilis na pagsusuri [rapid test] at 16.5 milyong mga maskara sa mga paaralan, simula sa linggo ng Enero 10.

Upang higit pang suportahan ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan na ang pag-aaral ay nagambala sa pagpapahabang ito, ang mga pagsusulit sa diploma sa Enero ay kinansela. Isang desisyon ang gagawin kinamamayan sa 2022 tungkol sa mga pagsusulit sa diploma ng Abril at Hunyo.

"Sa mabilis na pag-unlad ng sitwasyon ng COVID, gayundin ang ating pagtugon. Ang paghinto na ito ay magbibigay sa mga guro, mga tagapangasiwa ng paaralan at mga awtoridad ng paaralan ng mas maraming oras upang magplano para sa mga mag-aaral na makabalik nang ligtas sa pag-aaral. Sa ilalim ng mapaghamong kalagayan, lubos akong nagpapasalamat sa mga magulang, mga mag-aaral, mga guro at mga kasosyo sa edukasyon para sa kanilang kakayahang umangkop sa panahon ng pandemya.

*Adriana LaGrange, Ministro ng Edukasyon*

Gagamitin ng mga awtoridad ng paaralan ang pinahahabang bakasyon sa taglamig ng mag-aaral upang maghanda para sa mga potensyal na sitwasyon sa pag-aaral nang personal sa klase (in-person) at sa bahay, tulad na ginawa nila noon sa panahon ng pandemya. Ang impormasyon at patnubay upang suportahan ang mga awtoridad ng paaralan at mga magulang ay makukuha sa alberta.ca/returntoschool.

Sa pagbabagong ito, tumutugon kami sa mga alalahanin mula sa mga kasosyo ng Edukasyon at ihahanay ang Alberta sa ibang mga lalawigan sa Canada. Ang isang paghinto ay makakatulong din sa mga awtoridad ng paaralan na magplano para sa mga pagbabago sa pagsusuri at abiso sa pakikipag-ugnayan.

Ang pamamahagi ng mga mabilis na pagsusuri [rapid tests] ay mag-aalok ng sapat na mabilis na pagsusuri upang magbigay ng dalawang limang-pagsusuri na kit sa bawat mag-aaral at kawani sa buong sistema ng edukasyon. Ang pamamahagi ay tinatapos at higit pang impormasyon ang ibabahagi sa susunod na linggo.

Ipapamahagi din ang mga medikal na kalidad na maskara sa pamamagitan ng mga paaralan sa mga mag-aaral at kawani sa pamamagitan ng yugtong pamamaraan. Kapag ganap na naipamahagi, ang kawani at mga mag-aaral ay makakatanggap ng walong linggong suplay. Ang pamamahagi ng mga maskarang pampediatric at pang-adulto na medikal na kalidad ay koordinado sa isang yugtong pamamaraan sa pamamagitan ng Gawaing Pangkat ng PPE ng mga Usapin ng Munisipyo [Municipal Affairs' PPE Task Force] at ibabahagi din ang higit pang impormasyon sa susunod na linggo.

Ang karagdagang impormasyon sa mga susunod na hakbang na may kaugnayan sa kung ang mga mag-aaral ay mag-aaral sa klase o sa bahay simula Enero 10 ay ipapaalam sa kahulian ng susunod na linggo. Ang desisyon ay batay sa ebidensya gamit ang impormasyon sa pagpapatakbo na ibinigay ng mga awtoridad ng paaralan, impormasyon ng kaso at iba pang magagamit na data ng kalusugan.

## Kaugnay na impormasyon

- Pananatiling ligtas at malusog ngayong taon ng paaralan

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensya ng balita
- Makinig sa kumperensya ng balita (makukuha pagkatapos ng kaganapan)

## Mga katanungan sa media

Nicole Sparrow

780-720-1915
Kalihim ng Press, Edukasyon

Classification: Public